

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang bagong Programang Internship at Co-op para sa mga Kabataan na Black at Katutubo

BRAMPTON, ON (Mayo 31, 2021) – Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang bago nitong Programang Internship at Co-op para sa mga Kabataan na Black at Katutubo sa performing arts, ang una sa ganitong uri sa Canada, sa Sabado, Hunyo 5.

Dinisenyo ng at para sa mga estudyante na Black at Katutubo, ang programa ay binuo para ipagdiwang at paangatin ang kabataan na Black at Katutubo, dagdagan ang pang-unawa sa kultura, magbigay ng mga pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad, at ihanda ang mga estudyante para sa mga posisyon sa liderato at karera sa hinaharap sa industriya ng live performing arts.

Kinikilala ang pangangailangan para sa aksyon sa pagkakapantay-pantay at epekto sa lipunan, makakatulong ang programa na buwagin ang mga balakid na nararanasan ng mga kabataan na Black at Katutubo sa pagkuha ng pagsasanay at mga oportunidad sa sining. Ang programa ay suportado ng Algoma University at pinapangasiwaan ng Lungsod ng Brampton, sa pakikipagtulungan sa lokal na mga school board.

Sa loob ng nakalipas na tatlong buwan, ang unang pangkat ng limang estudyante ay nagsimula sa pilot na programa kasama ang nangungunang mentor at mga kasapi ng komunidad na sina Cameron Grant, Angela Boyer, Deneille R. Walters, pati na rin ang kawani ng Performing Arts ng Lungsod. Ang team ay nagtrabaho nitong birtwal na pilot na proyekto para idisenyo ang framework para sa programa sa mga taon na darating.

Sa Sabado, Hunyo 5, sa 1 pm, dumalo sa isang birtwal na presentasyon para mas matuto pa tungkol sa birtwal na 2021 pilot na programa, sa mga tungkulin ng mga estudyante bilang mga taga-disenyo ng programa, at kung paano makibahagi, bisitahin ang therosebrampton.ca.

Sa 2022, ang isang may bayad na puwesto sa internship, ay magbubukas para sa mga aplikante sa unibersidad at kolehiyo, at apat na puwesto sa co-op, bukas sa mga aplikante na high-school, ay available sa pamamagitan ng programa. Ang programa sa internship co-op ng Lungsod ng Brampton ay binuo upang iayon an Estratehiya ng Pagkakaiba-iba at Pagsasali sa Lahat ng Lungsod para tumuon sa paghikayat at pagpapalaki ng isang diverse na mga manggagawa na naglalarawan sa komunidad.

Pagpaparantal sa Pagiging Diverse ng Brampton

Ang Brampton ay isa sa pinakabatang mga lungsod sa Canada na may higit sa 130,600 kabataan sa pagitan ng edad na 14 at 29. Sa taon na ito, pinangalanan ang Brampton na isa sa [Pinakamagandang mga Lungsod ng RBC na Pagtrabahuhan ng mga Kabataan](#), nasa puwestong ika-18 sa 27 lungsod sa talaan, dahil sa ating nangungunang Ekonomiya ng Lungsod.

Noong Marso 2020, ang Lungsod ng Brampton ay nakatanggap ng designasyon na [Platinum Youth Friendly Community](#) mula sa Play Works, isang programa na suportado ng Parks and Recreation

Ontario. Ito ang pangatlong pagkakataon na ang Lungsod ng Brampton at ang mga partner na komunidad ay kinilala para sa napakahusay na commitment sa mga pagkakataon sa progreso at pag-unlad para sa kabataan.

Para matukoy at matanggal ang mga balakid sa lugar ng trabaho at sa komunidad, itinatag ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Tanggapan ng Pagkakapantay o Equity Office](#) noong Disyembre, 2020, na magsisikap para matiyak ang patas at pantay na pagtrato sa lahat ng mga indibidwal at nagtataguyod ng nagkakasundong kapaligiran para sa mga residente. Noong Hunyo 2020, inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang una nitong [Pagpapalakas sa Lipunan, Kultura at Ekonomiya ng Black African at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Black](#) para gumawa ng makahulugang hakbang laban sa rasismo kontra sa Black at palakasin ang mga indibidwal para maging matagumpay at produktibo.

MGA QUOTE

“Ipinagmamalaki ng Brampton na suportahan ang Programang Internship at Co-Op sa mga Kabataan na Black at Katutubo para sa Performing Arts. Ang programang ito ay kumikilala at nagpapaangat sa mga kabataang Black at Katutubo, nagdadagdag sa pangkulturang pang-unawa, nagbibigay ng pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad at naghahanda sa mga estudyante para sa mga puwesto sa liderato sa hinaharap at mga karera sa industriya ng live performance.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagbibigay prayoridad sa mga boses at pangangailangan ng mga kabataan at kumikilala sa kahalagahan ng at halaga ng paggawa ng hakbang at pamumuhunan sa ating mga kabataan. Ang mga programang Internship at co-op ay nagbibigay ng malaking pakinabang sa mga kabataan at ipinagmamalaki kong sabihin na ang Brampton ay ang unang lungsod sa Canada na naghahandog nitong programa sa mga kabataan na Black at Katutubo sa performing arts.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal; Wards 1 at 5; Chair, Community Services; Lungsod ng Brampton*

“May partikular na pokus sa mga kabataan na Black at Katutubo, kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang kahalagahan ng aksyon tungo sa pagkakapantay-pantay at epekto sa lipunan, at ginigiba ang mga balakid na nararanasan ng mga kabataan na Black at Katutubo sa pag-access sa pagsasanay at mga pagkakataon sa sining.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Isa sa mga layunin ng Pagpapalakas sa Ekonomiya at Unit Kontra Rasismo sa Black ay tukuyin at paunlarin ang mga pagkakataon para sa mga tagumpay ng kabataan. Napakahalagang hikayatin ang mga kabataan na mamuno at ito ay isang pantastikong programa na gawin iyan, dahil pinasisigla nito ang mga pagkakataon para sa personal at propesyona na pag-unlad. Nananabik ako sa kanilang mga posibilidad na makagawa ng bakas sa industriya ng live performing arts, at nagpapasalamat sa Algoma University sa pagtulong na gawin itong posible!”

- *Gwyneth Chapman; Senior Advisor, Pagpapalakas sa Lipunan, Kultura at Ekonomiya ng Black African at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Black, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagtanggap sa mga estudyante ng co-op at mga intern sa ating Performing Arts Team ay isang napakalaking pagkakataon para mas suportahan pa ang mga kabataan na Black at Katutubo sa ating komunidad. Umaasa tayo na ang mga sumasalang estudyante sa programang ito ay sasaliksik sa mga

karera sa Performing Arts, magsisikap sa kanilang sariling mga layunin sa pagkatuto, at lilikha ng mga inobatibong inisyatiba na kikilla at magpapaangat sa mga kabataan sa Brampton!”

- *Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts, Lungsod ng Brampton*

“Nang dumating ang pagkakataon na maging bahagi ng mahalagang inisyatiba, nilundagan namin ito. Ang programang co-op at internship ng Performing Arts ng Lungsod ng Brampton ay magbibigay ng magandang pagkakataon para medebelop ang napakahalagang soft at hard skills para mabigyan ang kabataan ng mga pundasyon na magiging handa-sa-karera sa darating na mga taon. Nananabik tayo na maging bahagi ng isang bagay na nagsisikap na itaguyod ang pagsasali, diversity, at cross-cultural na pagkatuto at karanasan sa loob ng ating mga komunidad. Ipinagmamalaki at ikinararangal natin na nagawang suportahan ang programang ito, at ikinatutuwa natin na nasa Brampton tayo, maging bahagi ng pag-unlad ng Brampton, at suportahan ang mga kabataan sa lahat ng yugto ng kanilang pakikipagsapalaran sa edukasyon.”

- *Craig Fowler, Vice-President, Growth, Innovation and External Relations, Algoma University*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca